# HALALAN SA VANCOUVER 2026

**LUNGSOD MO.**
**BOSES MO.**
**BOTO MO.**

Pumunta sa **vancouver.ca/vote** o tumawag sa **3-1-1** para sa karagdagang impormasyon.

CITY OF VANCOUVER | VANCOUVER VOTES



ten years city of reconciliation Vancouver

Kinikilala ng Lungsod ng Vancouver na ito ay nasa mga hindi isinukong tradisyonal na teritoryo ng xʷməθkʷəy̓əm (Musqueam Indian Band), Sḵwx̱wú7mesh Úxwumixw (Squamish Nation), at səlilwətaɬ (Tsleil-Waututh Nation).



# BAKIT KA DAPAT BUMOTO?

Sa Oktubre 17, ang mga botante sa Vancouver ay magpapasya ukol sa:

- **1 Mayor**
- **10 City Councillor**
- **7 Park Board Commissioner**
- **9 na School Trustee**
- **Mga tanong tungkol sa Capital Plan**

Ang botong ito ang humuhubog sa iyong komunidad at sa mga serbisyong iyong natatanggap, kabilang ang:

- **Mga pang-emergency na serbisyo:** bumbero at pulis
- **Mga espasyo sa komunidad:** mga aklatan, mga sentro ng komunidad at mga programang pangkultura
- **Mga utility ng lungsod:** mga serbisyo para sa tubig, alkantarilya at pagkolekta ng basura
- **Mga kapitbahayan:** pabahay, mga bangketa, mga kalsada, mga panlipunang serbisyo, mga maliliit na negosyo, mga parklet at pagpaplano ng pag-unlad
- **Libangan:** mga beach, parke, rink, pool, mga golf course, marina, sports field at mga playground
- **Edukasyon:** mga budget at polisiya sa distrito ng pampublikong paaralan

# NARARAPAT BA AKONG BUMOTO?

**Para makaboto, ikaw ay dapat:**

- 18 taong gulang o mas matanda sa Oktubre 17
- Isang Canadian citizen
- Naninirahan sa B.C. nang hindi bababa sa anim na buwan man lang kaagad bago ang araw ng pagpaparehistro
- Nakatira sa Vancouver, walang inaatas na minimum na araw, o nagmamay-ari ng ari-arian sa Vancouver*
- Hindi diskuwalipikado ng batas sa pagboto

* Ang mga may-ari ng ari-arian na hindi nakatira sa Vancouver ngunit nagmamay-ari ng ari-arian nang higit sa 30 araw ay maaaring maging karapat-dapat na bumoto bilang Mga Hindi-Residenteng Botanteng Nagmamay-ari ng Ari-arian (Non-Resident Property Electors). Bumisita sa **vancouver.ca/NRPE** para sa karagdagang impormasyon.

**Mga espesyal na tala**

- Hindi maaaring bumoto ang mga permanenteng residente.
- Ang mga botante ng UBC/University Endowment Lands ay nararapat lamang bumoto para sa mga School Trustees.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagiging karapat-dapat, mga lugar ng pagboto, mga paraan ng pagboto at pagpaparehistro ng botante, pumunta sa **vancouver.ca/vote.**

# PAGPAPAREHISTRO NG BOTANTE AT ID

**Kung bumoto ka noong nakaraang halalan sa probinsya, ikaw ay nasa Listahan ng Mga Botante sa Vancouver. Hindi mo na kailangang magparehistro muli.**

**Maaari kang magparehistro o mag-update ng iyong impormasyon sa tatlong paraan:**

- Magparehistro online sa elections.bc.ca hanggang Agosto 18
- Kapag bumoto sa isang lugar ng botohan
- Kapag bumoto sa pamamagitan ng koreo

Para magparehistro sa isang lugar ng botohan, kailangan mong magdala ng dalawang piraso ng kwalipikadong ID. Dapat ipakita ng mga ito nang magkasama ang mga sumusunod:

- **Ang iyong pangalan:** sa dalawang piraso
- **Ang iyong adres:** sa isang piraso man lang
- **Ang iyong lagda:** sa isang piraso man lang

**Kasama sa mga halimbawa ng katanggap-tanggap na ID ang:**

- Lisensya sa Pagmamaneho sa BC (BC Driver's Licence) o BC Services Card
- Canadian na pasaporte o sertipiko ng pagkamamamayan
- Card sa pagiging estudyante o empleyado
- Statement ng bangko o credit card
- Utility bill o e-statement (ipinapakita sa telepono)
- Library card
- Bracelet ng pagkakakilanlan sa ospital
- Membership card ng indigenous na komunidad
- Transit card
- Lalagyan ng iniresetang gamot

Kung mayroon ka lamang iisang piraso ng ID, maaari kang gumawa ng sinumpaang deklarasyon upang kumpirmahin ang iyong pagkakakilanlan at adres.

Kung wala kang nakapirming tirahan, maaari kang magparehistro sa pamamagitan ng pagbibigay ng pangkalahatang lokasyon (tulad ng isang interseksyon) o ang adres ng isang silungan o ahensyang panlipunang iyong ginagamit sa Vancouver.

**Abangan ang iyong Card ng Impormasyon ng Botante (Voter Information Card)**
Kung ikaw ay nasa Listahan ng mga Botante (Voters List) na, makatatanggap ka ng Card ng Impormasyon ng Botante (Voter Information Card) sa koreo sa huling bahagi ng Setyembre. Dalhin ang card na ito sa lugar ng botohan para sa mas mabilis na oras ng pagproseso.

# PAANO AKO MAKAKABOTO?

## Mayroon kang tatlong kumbinyenteng opsiyon.

### 1. Bumoto sa pamamagitan ng koreo

Sinumang botante ay maaaring pumili na bumoto sa pamamagitan ng koreo. Libre ang pagpapadala pabalik sa loob ng Canada.
**Mag-apply:** Hilingin ang iyong package sa pagitan ng Setyembre 8 at Oktubre 5 ng tanghali. Maaari kang mag-apply online sa vancouver.ca/vote, sa pagtawag sa 3-1-1 o sa pagbisita sa Tanggapan ng Halalan (The Election Office) (305 West 8th Ave.).
**Pagdeliver:** Ang mga balota ay ipapadala sa koreo o handa nang ma-pick up simula Setyembre 29.
**Deadline ng pagsauli:** Ang iyong balota ay dapat matanggap bago o sa pagsapit ng 8 pm sa Oktubre 17.
Ang mga detalyadong tagubilin at mga lokasyon ng drop box ay kasama sa iyong vote-by-mail na package.

### 2. Bumoto nang maaga

**Mga petsa:** Oktubre 3, 7, 10 at 13

**Oras:** 8 am–8 pm

**Lokasyon:** Alinman sa 59 na lugar ng maagang pagboto

**Tala:** Ang mga botante ng UBC at UEL ay maaaring bumoto sa alinman sa 59 na lugar ng maagang pagboto, at pati sa UBC-AMS Student Nest (6133 University Blvd.) sa Oktubre 7 at 13 (8 am – 8 pm).

### 3. Bumoto sa Araw ng Halalan

**Petsa:** Oktubre 17

**Oras:** 8 am–8 pm

**Lokasyon:** Alinman sa 85 lugar ng botohan

**Tala:** Ang mga botante ng UBC at UEL ay maaari lamang bumoto sa UBC-AMS Student Nest (6133 University Blvd.) o University Hill Secondary School (3228 Ross Dr.), 8 am – 8 pm.

**May mga tanong ba? Tumawag sa 3-1-1 o pumunta sa vancouver.ca/vote para sa karagdagang impormasyon.**


W Broadway
W Broadway

# SAAN AKO MAKAKABOTO?

**Maagang pagboto:** Oktubre 3, 7, 10 at 13, 8 am–8 pm (59 na lugar ng botohan)

**Araw ng Halalan:** Oktubre 17, 8 am–8 pm (85 lugar ng botohan)

Pumunta sa **vancouver.ca/vote** para sa impormasyon sa aksesibilidad para sa bawat lugar ng botohan.

**Tala:** Tingnan ang pahina 6 para sa mga detalye ng pagboto sa UBC at UEL.

## MGA LUGAR NG PAGBOTO NANG MAAGA AT SA ARAW NG HALALAN


| | | |
|---|---|---|
| **A** | St. Mary's Parish **(Maagang pagboto lang)** | 5251 Joyce St. |
| **1** | Carnarvon Community Elementary School | 3400 Balaclava St. |
| **2** | Prince of Wales Secondary School | 2250 Eddington Dr. |
| **3** | Best Western Premier Chateau Granville Hotel & Suites | 1100 Granville St. |
| **4** | Carnegie Community Centre | 401 Main St. |
| **5** | Coal Harbour Community Centre | 480 Broughton St. |
| **6** | šxʷwəq̓ʷəθət Crosstown Elementary School | 55 Expo Blvd. |
| **7** | Morris J. Wosk Centre for Dialogue | 580 West Hastings St. |
| **8** | Roundhouse Community Arts & Recreation Centre | 181 Roundhouse Mews |
| **9** | Vancouver Public Library - Central Branch | 350 West Georgia St. |
| **10** | Dunbar Community Centre | 4747 Dunbar St. |
| **11** | Kerrisdale Elementary School | 5555 Carnarvon St. |
| **12** | False Creek Elementary School | 900 School Green |
| **13** | Holy Trinity Anglican Church | 1440 West 12th Ave. |
| **14** | L'Ecole Bilingue Elementary School | 1166 West 14th Ave. |
| **15** | Britannia Community Elementary School | 1110 Cotton Dr. |
| **16** | Queen Victoria Annex | 1850 East 3rd Ave. |

| | | |
|---|---|---|
| **17** | Templeton Secondary School | 727 Templeton Dr. |
| **18** | Chief Maquinna Elementary School | 2684 East 2nd Ave. |
| **19** | Hastings Community Centre | 3096 East Hastings St. |
| **20** | Thunderbird Community Centre | 2311 Cassiar St. |
| **21** | Charles Dickens Annex | 3877 Glen Dr. |
| **22** | Kensington Community Centre | 5175 Dumfries St. |
| **23** | Queen Alexandra Elementary School | 1300 East Broadway |
| **24** | Trout Lake Community Centre | 3360 Victoria Dr. |
| **25** | Dr. R. E. McKechnie Elementary School | 7455 Maple St. |
| **26** | Kerrisdale Community Centre | 5851 West Blvd. |
| **27** | Champlain Heights Community Centre | 3350 Maquinna Dr. |
| **28** | Fraser Lands Church | 3330 SE Marine Dr. |
| **29** | Killarney Community Centre | 6260 Killarney St. |
| **30** | Henry Hudson Elementary School | 1530 Maple St. |
| **31** | Kitsilano War Memorial Community Centre | 2690 Larch St. |
| **32** | Lord Tennyson Elementary School | 2650 Maple St. |
| **33** | Redemption Church | 3512 West 7th Ave. |
| **34** | David Lloyd George Elementary School | 1338 West 67th Ave. |

## MGA LUGAR NG BOTOHAN SA ARAW NG HALALAN

| | | |
|---|---|---|
| 35 | JW Sexsmith Community Elementary School | 7410 Columbia St. |
| 36 | Creekside Community Recreation Centre | 1 Athletes Way |
| 37 | Mount Pleasant Community Centre | 1 Kingsway |
| 38 | Vancouver City Hall | 453 West 12th Ave. |
| 39 | Dr. Annie B. Jamieson Elementary School | 6350 Tisdall St. |
| 40 | Sir Winston Churchill Secondary School | 7055 Heather St. |
| 41 | John Norquay Elementary School | 4710 Slocan St. |
| 42 | Renfrew Park Community Centre | 2929 East 22nd Ave. |
| 43 | Hillcrest Centre | 4575 Clancy Loranger Way |
| 44 | Sir Charles Tupper Secondary School | 419 East 24th Ave. |
| 45 | VanDusen Botanical Garden | 5251 Oak St. |
| 46 | Douglas Park Community Centre | 801 West 22nd Ave. |
| 47 | Lord Strathcona Community Elementary School | 592 East Pender St. |
| 48 | John Oliver Secondary School | 530 East 41st Ave. |
| 49 | Moberly Arts and Cultural Centre | 7646 Prince Albert St. |
| 50 | Sunset Community Centre | 6810 Main St. |
| 51 | David Thompson Secondary School | 1755 East 55th Ave. |
| 52 | Sir James Douglas Elementary School | 2150 Brigadoon Ave. |
| 53 | Tecumseh Elementary School | 1850 East 41st Ave. |
| 54 | King George Secondary School | 1755 Barclay St. |
| 55 | Lord Roberts Elementary School | 1100 Bidwell St. |
| 56 | St. Paul's Anglican Church | 1130 Jervis St. |
| 57 | Lord Byng Secondary School | 3939 West 16th Ave. |
| 58 | West Point Grey Community Centre | 4397 West 2nd Ave. |

| | | |
|---|---|---|
| 59 | Lord Kitchener Elementary School | 3455 West King Edward Ave. |
| 60 | Musqueam Community Centre | 6777 Salish Dr. |
| 61 | False Creek Community Centre | 1318 Cartwright St. |
| 62 | ¿uuqinak'uuh Grandview Elementary School | 2055 Woodland Dr. |
| 63 | Sir John Franklin Community School | 250 Skeena St. |
| 64 | Tillicum Community Annex | 2450 Cambridge St. |
| 65 | Lord Selkirk Elementary School | 1750 East 22nd Ave. |
| 66 | Sir Richard McBride Annex | 4750 St. Catherines St. |
| 67 | Captain James Cook Elementary School | 3340 East 54th Ave. |
| 68 | General Gordon Elementary School | 2268 Bayswater St. |
| 69 | Kitsilano Neighbourhood House | 2305 West 7th Ave. |
| 70 | École des Colibris | 590 West 65th Ave. |
| 71 | Scottish Cultural Centre | 8886 Hudson St. |
| 72 | Kivan Club (BGC South Coast BC) | 2875 St. George St. |
| 73 | Mount Pleasant Neighbourhood House | 800 East Broadway |
| 74 | Simon Fraser Elementary School | 100 West 15th Ave. |
| 75 | Sir William Van Horne Elementary School | 5855 Ontario St. |
| 76 | Trinity Baptist Church | 1460 West 49th Ave. |
| 77 | Collingwood Neighbourhood House | 5288 Joyce St. |
| 78 | Renfrew Community Elementary School | 3315 East 22nd Ave. |
| 79 | General Brock Elementary School | 4860 Main St. |
| 80 | Shaughnessy Elementary School | 4250 Marguerite St. |
| 81 | RayCam Co-operative Centre | 920 East Hastings St. |
| 82 | Waverley Elementary School | 6111 Elliott St. |
| 83 | Gordon Neighbourhood House | 1019 Broughton St. |
| 84 | St. Andrew's-Wesley United Church | #100–1022 Nelson St. |
| 85 | St. Helen's West Point Grey Anglican Church | 4405 West 8th Ave. |


STANLEY PARK
VANCOUVER HARBOUR
ENGLISH BAY
JERICHO BEACH PARK
PACIFIC SPIRIT REGIONAL PARK
UBC LANDS AND UNIVERSITY ENDOWMENT LANDS
QUEEN ELIZABETH PARK
EVERETT CROWLEY PARK
FRASER RIVER
FRASER RIVER
NW Marine Dr
Chancellor Blvd
West 16th Ave
SW Marine Dr
West 4th Ave
West 10th Ave
Alma St
West Broadway
West 12th Ave
West 16th Ave
West King Edward Ave
Macdonald St
Cornwall Ave
BURRARD BRIDGE
GRANVILLE BRIDGE
Burrard St
Arbutus St
West 6th Ave
CAMBIE BRIDGE
West 16th Ave
Cambie St
West King Edward Ave
Granville St
Oak St
West 33rd Ave
Dunbar St
Blenheim St
Larch St
West 41st Ave
West 49th Ave
West Blvd
West 57th Ave
Park Dr
SW Marine Dr
SW Marine Dr
Cambie St
Main St
Denman St
Davie St
Beach Ave
West Georgia St
Burrard St
Granville St
Seymour St
Powell St
Prior St
Terminal Ave
East Broadway
Kingsway
Clark Dr
Commercial Dr
Victoria Dr
Nanaimo St
Renfrew St
Highway #1
Boundary Rd
McGill St
East Hastings St
East 1st Ave
East Broadway
Grandview Hwy
East 22nd Ave
Vanness Ave
Rupert St
Joyce St
Fraser St
East 33rd Ave
East 41st Ave
Knight St
Victoria Dr
East 49th Ave
East 54th Ave
SE Marine Dr
SE Marine Dr
Elliott St
Kerr St
Tyne St
Marine Way
Maagang pagboto lang
Pagboto nang maaaga at sa araw ng halalan
Araw ng halalan lang
2 km

## ANG MGA KANDIDATO

Ang listahan ng mga kandidato ay ipo-post online sa Setyembre 21.

Kabilang dito ang kanilang mga pangalan, mga partidong pulitikal, impormasyon sa pakikipag-ugnayan at mga link sa kanilang mga website at/o social media. Makikita mo ang impormasyong ito sa v**ancouver.ca/vote** o sa pagtawag sa **3-1-1**.

**Kung kailangan mo ng tulong sa pagsasaliksik ng mga kandidato,** maaari kang bumisita sa kahit saang sangay ng Vancouver Public Library para sa tulong.

## ANG BALOTA

**Ang iyong balota ay may dalawang panig at kasama rito ang:**

Lahat ng mga kandidato ay nasa random na pagkakasunod-sunod. Bawat kandidato ay magkakaroon ng numero at, kung naaangkop, ang kanilang partidong pulitikal upang matulungan kang mahanap ang iyong mga pagpipilian.

Mga tanong tungkol sa panghihiram ng Capital Plan.

## ANG MGA PATAKARAN

**Sa lugar ng pagboto, kailangang:**

**Panatilihing itong lihim:** Hindi ka maaaring kumuha ng mga litrato ng iyong minarkahang balota para ibahagi.

**Panatilihin itong neutral:** Hindi ka maaaring magsuot o magdala ng mga kagamitan sa kampanya (tulad ng mga buton, kamiseta, o karatula para sa kandidato) sa loob ng 100 metro mula sa lugar ng botohan.

# KAILANGAN NG TULONG SA IBANG WIKA?

**SA LUGAR NG BOTOHAN:**

**Magtanong sa isang manggagawa sa halalan:** Ang ilang manggagawa sa halalan ay nagsasalita ng maraming wika. Kung hindi ka nila direktang matutulungan, maaari ka nilang ikonekta sa isang serbisyo ng interpretasyon sa telepono sa mahigit 240 wika.

**Magsama ng ibang tao:** Maaari kang magsama ng isang kaibigan o kapamilya upang magsalin para sa iyo. Kakailanganin nilang manumpa ng pagiging lihim.

**American Sign Language (ASL):** Ang interpretasyon ng ASL ay makukuha kapag hiniling sa lahat ng mga lugar ng botohan.

**Ang mga isinalin na tagubilin sa pagmamarka ng balota ay makukuha sa:**

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Traditional Chinese | Punjabi | Portuguese | French | Korean | Vietnamese |
| Simplified Chinese | Tagalog | Farsi | Spanish | Japanese | |

**Sa telepono:**

Kung kailangan mo ng tulong bago ka bumoto, may makukuhang tulong sa telepono sa mahigit 240 wika sa pamamagitan ng pagtawag sa **3-1-1**.

# MGA MAA-ACCESS NA SUPORTA SA PAGBOTO

**LINYA NG PRIYORIDAD SA PAG-ACCESS (PRIORITY ACCESS LINE)**
Ang Priority Access Line ay magagamit para sa mga botanteng maaaring nahihirapang tumayo o pumila dahil sa kalusugan, kakayahang kumilos, o iba pang pangangailangan. Kabilang dito ang mga taong may kapansanan, matatanda, mga buntis na botante, at mga taong may mga batang anak. Hindi mo na kailangang ipaliwanag kung bakit.

**PAGBOTO SA TABI NG KALSADA**
Para sa mga botanteng nakasakay sa sasakyan na hindi makapasok dahil sa kapansanan o mga alalahanin sa kalusugan, may pagboto sa tabi ng kalsada sa mga piling lugar ng botohan. Susuportahan kayo ng isang manggagawa sa halalan para makaboto mula sa inyong sasakyan. Bisitahin ang vancouver.ca/vote para makahanap ng mga lugar ng botohan na nag-aalok ng pagboto sa tabi ng kalsada.

**TULONG SA PAGMARKA NG IYONG BALOTA**
Kung hindi mo kayang markahan ang sarili mong balota, maaari kang humingi ng tulong sa isang manggagawa sa halalan o magsama ng isang taong pinagkakatiwalaan mo para tulungan kang markahan ito.

**KAILANGAN NG IBA PANG TULONG?**
Kailangan ng suportang hindi nakalista dito? Kontakin ang Tanggapan ng Halalan sa Vancouver (Vancouver Election Office) sa **604-829-2010** o **election@vancouver.ca** para pag-usapan ang iyong mga opsyon.

**MGA HAYOP NA PANGSERBISYO**
Ang mga gabay at pangserbisyong hayop ay malugod na tinatanggap sa lahat ng lugar ng botohan. Hindi pinapayagan ang lahat ng iba pang alagang hayop.

**MGA OPSYON SA PAGBOTO NANG INDEPENDYENTE**

- **Mga magnifier:** Magagamit sa lahat ng mga lugar ng botohan para mas madaling basahin ang balota.
- **Mga personal na kasangkapan at app:** Maaari mong gamitin ang iyong sariling mga kagamitan o mga app sa telepono para matulungan kang bumoto. Hindi ka maaaring mag-video call sa isang tao para tulungan kang markahan ang iyong balota.
- **May magagamit na pantulong na aparatong pangmarka ng balota (na may kasamang sip-and-puff, mga paddle, audio, braille at malalaking print na mga opsyon) sa:**
  - Ang Tanggapan ng Halalan (The Election Office), 305 West 8th Ave., mula Oktubre 3 hanggang 17 (tumawag nang maaga para planuhin ang iyong pagbisita: 604-829-2010)
  - Sa mga sumusunod na lugar ng botohan (Oktubre 3, 7, 10, 13, 17):
    - **Roundhouse Community Arts & Recreation Centre**, 181 Roundhouse Mews
    - **Sunset Community Centre**, 6810 Main St.
    - **Dunbar Community Centre**, 4747 Dunbar St.
    - **Renfrew Park Community Centre**, 2929 East 22nd Ave.
- **Bumoto sa pamamagitan ng koreo:** Maaari mong piliing bumoto mula sa iyong tahanan.
  Tingnan ang pahina 6 para sa mga detalye.

CITY OF VANCOUVER | VANCOUVER VOTES

©2026 City of Vancouver | 26-026 | Tagalog